

# 1

He was not human, Loren was sure of that. Walang mortal na ganoon ka-perpekto ang pagkakahulma ng mga kalamnan, o ganoon kakinis ang timpla ng kulay ng balat. Tila gawa ang bawat kalamnan ng lalaki sa mga batong hinulma ng apoy at panahon. At tila kulay ng tinunaw na ginto ang balat nito. A golden Pagan god, that's what he was.

The said god's eyes widened as he stared back at her, those dark orbs catching the dying sunlight like a pair of obsidian gems. Bumuka ang bibig nito pero itinikom din, pagkatapos, ang mga mata naman nito ang kumurap nang ilang ulit. Tumulo ang ilang butil ng tubig mula sa malalantik nitong pilikmata, at humalik sa maangulong pisngi ng lalaki saka naglandas pababa sa matigas nitong panga.

Sinundan ng mga mata niya ang tubig na nakakapit sa katawan nito. Tila mga butil ng kristal iyon sa ilalim ng naghihinalong sinag ng araw. Dumaos ang mga butil ng tubig mula sa makapal nitong leeg pababa sa matipunong dibdib. Nagpatuloy iyong dumulas sa matigas nitong tiyan pababa sa...

Dapat niyang iangat ang tingin pabalik sa mukha

nito, pero hindi niya magawa. Awe and curiosity got the better of her. Loren's lips parted as she shamelessly stared at his maleness. Soft and unaroused, he was still a sight to behold. How could something so primal look so beautiful?

Perhaps it was because he was both.

From the tips of his dark, tousled hair to the slabs of muscle to the brutish decadence of his male virility, he was beauty in its most primal form.

Narinig niyang nagmura ang lalaki at doon kumalat palayo ang tila usok na tumalukbong sa kanyang isip. Mabilis itong umahon sa mababang bahagi ng ilog at hinagilap ang damit nitong nakapatong sa mga bato sa pampang.

“Hindi ka taga-dito. Naliligaw ka ba?” Magaspang at mababa ang tinig nito, tila kulog na nakakulong sa isang bote.

Siya naman ang napakurap nang ilang ulit. Piping pinanood niya itong isilid ang mga maskuladong binti sa maong nitong pantalon.

Hmm... jeans and shirt. Human clothing. Maybe he was not a god after all. Pero siguro nagsusuot din ng pantalon at T-shirt ang mga diyos?

“Yes,” narinig ni Loren na sambit niya. “Yes, I am lost. And no, I’m not from here. Gusto kong balikan iyong sasakyan ko pero... teka, p’ano mo nalamang hindi ako taga-dito?”

Napatitig siya sa kanyang sneakers, khaki shorts at black tank top. Sumisigaw bang ‘turista’ ang suot niya? Inangat niya ang titig sa lalaki at nanuyo ang kanyang bibig. Nakakainggit ang paghapit ng asul nitong kamiseta sa basa nitong katawan.

“Hula lang,” anito, isinusuklay ang mga daliri sa tumutulo nitong buhok. “It’s the way you look. You’re too...” Kumunot ito na tila ba hindi alam kung paano tatapusin ang pangungusap. “You look out of place here.”

Nagtaas ng kilay si Loren. Hindi niya alam kung dapat ba siyang mainsulto o ano.

“S’an ka tumutuloy dito?” untag nito, muling ipinukol sa kanya ang tingin. “P’wede kitang ihatid. Malapit lang ’yung truck ko dito.”

Hindi siya nakasagot at alinlangang tumingin sa paligid. Sumisilip sa pagitan ng mga dahon ng matatayog na puno ang huling sinag ng araw, nakikipagbuno sa papalapit na dilim. Hindi niya alam kung saang parte ng gubat ang dapat tahakin pabalik

sa kanyang SUV. Ang alam lang niya ay iniwan niya iyon sa bukana ng gubat.

*This is what you get for trying to be adventurous, tuya ng isang boses sa kanyang isipan. You should have just stayed at Dina's house and cut those grasses.*

“Huwag kang mag-alala, hindi ako masamang tao,” narinig niyang untag ng lalaki. Bumalik ang titig niya rito at nakitang may dinudukot ito sa bulsa. “May ID ako dito, kung makakatulong ’yon, ihahagis ko sa ’yo ’yung wallet ko.”

Inilabas ng estranghero ang wallet at akmang ibabato sa kanya pero bago pa nito magawa iyon ay humakbang siya palapit dito. Stupid, she knew. Nakasulat sa malalaki at mapupulang letra ang panganib at padalus-dalos sa desisyon niya samantalang sigurista at maingat siya noon pa man. Hindi siya kumikilos hangga’t hindi siguradong maayos ang lahat. Ni hindi siya makapagsimulang magtrabaho nang hindi nasisigurong nasa tamang mga lalagyan ang mga colored pencils at papers niya sa desk. It drove her friend Dina crazy. And apparently, it drove Mark crazy, too.

At para bang demonyo na lumilitaw kapag nababanggit ang pangalan, bumulaga sa kanyang isipan ang imahe ng ex-boyfriend. Mapula ang mukha

nito, maumbok ang mga ugat sa leeg at noo sa galit. Nakabukas pa ang pantalon nito mula sa blow job session ng secretary nito rito.

*“You’re boring and frigid. F\*cking Ice Queen...”*

Sumimangot si Loren at nilakihan ang hakbang palapit sa estranghero. Nanigas ang lalaki nang makalapit siya, at maingat na itinaas ang titig sa kanyang mukha.

Rugged lines and rough edges, some people may find him too hard-looking to be considered handsome.

And it was true. He was not handsome, he was beautiful.

Inilahad niya ang kamay. “May I see your ID?”

Payak itong tumango at binuksan ang lumang leather wallet at kinuha roon ang isang card. Ipinatong nito ang SSS ID sa kanyang palad, ingat na huwag magdikit ang kanilang mga balat. Kumunot siya sa ginawi nito pero hindi na lang iyon pinansin.

Caleb Javier Serquiña ang sabi sa ID nito. Ibinalik niya rito ang ID at muling ibinalik ang mga mata sa mukha ng lalaki. May alinlangan at pag-iingat sa mga mata nito na tila ba isa siyang trangkaso na gusto nitong iwasan.

“Walang signal ang phone ko. ’Yung sa ’yo ba meron?”

Umiling ito, dumausdos ang ilang butil ng tubig sa nililok nitong mga pisngi. “Wala talagang signal dito. S’an ka ba tumutuloy?”

“Sa mga Suarez, kilala mo ba sila?”

Muli itong umiling at pinunasan ang tubig sa noo. Malaki at makalyo ang mga kamay nito. Sigurado siyang kayang lamunin ng kamay nito ang kanya kapag nagdaop ang mga palad nila. Wala sa sariling napahakbang siya paatras mula rito.

“Hindi masyado, matagal nang wala ’yung pamilya d’on, di ba?” Naglakad ito papunta sa direksyon ng papalubog na araw pero parang tuod siyang nanatiling nakapako sa kinatatayuan.

Kunot-noo itong lumingon sa kanya.

Mababa na ang araw at nagdidilim na ang paligid. Sa kaunting sinag na tumatagos sa mga puno at mga dahon, tila nagliliwanag ang balat ng estranghero.

“Malapit lang dito ’yung truck ko,” ulit nito, lumalalim ang kunot sa noo. “Ihahatid na lang kita sa inyo ’tapos bukas mo na lang hanapin ’yung sasakyan mo.”

Of course, he was right. Umiling siya sa sarili at pinilit ang mga paang humakbang. Sa haba ng mga binti nito, kailangan niyang magdalawang hakbang para sa isang hakbang nito. “Salamat,” aniya. “I’m Loren Fontallan.”

Hinintay niyang makilala nito ang kanyang apelyido, pero payak lang itong tumango at nagpatuloy sa paglakad.

Hindi siya lubusang nagulat. CEO siya ng isang matagumpay na corporation sa bansa, hindi artista. Kung tutuusin, mga taong sumusunod lang sa mga balita sa corporate world ang makakakilala sa kanya. At mukhang hindi ganoon ang lalaki.

Naglandas ang mga mata niya sa batok nito pababa sa malapad nitong mga balikat at mahulmang likuran. Mahulma rin ang mga braso nito at maugat. Everything about him seemed rough and hard. Even his coloring reminded her of rough metal—burnt gold—that was his color. Mukhang hindi ito ang tipo na nakikibalita sa mga stocks at mga korporasyon. Hindi ito ang tipo na umuupo sa harap ng computer o nagsu-surf sa phone. Ito ang tipo na nagtatrabaho sa ilalim ng araw, naiinitan at pinagpapawisan.

Sumiklab sa kanyang isipan ang ilang mga imahe. Si Caleb, nasa ilalim ng araw, walang saplot

sa itaas at nag-aararo ng bukid. Pawisan ito at may kaunting dumi ng lupa sa matipuno nitong dibdib. Dirty, sweaty, and one hundred percent pure male muscle...

Natapilok siya at muntikang madapa. Pumulupot ang magaspang nitong mga daliri sa kanyang braso at tinulungan siyang umayos ng tayo. Parang napasong hinila niya ang braso. Hindi nito ininda iyon, dahil agad din siya nitong binitawan na para bang napaso rin ito.

“Sorry,” anang lalaki, saka binagalan ang paglakad para hindi siya mahirapang sumunod dito.

Well, hindi iyon ang dahilan kung bakit siya muntikang madapa, pero siguro ay mabuting iyon na lang ang isipin nito.

Wala sa sariling hinimas niya ang brasong hinawakan nito. Tila nag-iinit iyon.

“Malayo pa ba ’yung truck mo?” aniya.

Hindi siya nito nilingon. “Malapit na. G’ano katagal ka nang naglalakad dito sa gubat?”

Kumunot siya at tumuwid ang likod. Dapat ba niyang sabihin dito? Dapat ba niyang amining apat na oras na siyang palakad-lakad dito nang walang



direksyon bago niya ito makita sa ilog? It was a blow to her ego. Siya, si *Miss Organized* and *Miss Prepared All the Time*, naligaw nang apat na oras sa isang gubat? Si Dina ang madalas maligaw, hindi siya.

Umiling siya sa sarili at nilunok ang pride niya. “Apat na oras.”

Bumuga ng hangin ang lalaki. “Ba’t mo naman naisipang maglakad-lakad sa gubat, hindi mo naman pala kabisado? Delikado ’yung ginawa mo.”

Sang-ayon siya rito. “Tama ka.”

Kunot-noong nilingon siya ng lalaki at maaliwalas lang niyang ibinalik ang titig nito. Lumalim ang kunot nito at muntikan na siyang ngumiti. He looked cute when confused.

Numipis ang mga puno at halaman sa paligid at natanaw niya ang kalsada. Nilakihan nila ang kanilang mga hakbang hanggang sa makarating sila sa bukana.

“Tingnan mo ’yung phone mo,” untag nito. “Baka may signal na.”

At tila upang patunayan sa kanila na may signal na nga sa parteng iyon, tumunog ang phone ng lalaki. Dinukot iyon ni Caleb sa bulsa nito at mabilis sinagot.

“Mang Ernest, mahuhuli ako nang—” Napatigil ito dahil sa kung anong sinasabi ng kausap sa kabilang linya. Gumapang ang tensyon sa katawan at maanggulo nitong mukha.

“Sige,” sagot nito. “Papunta na ’ko.”

Binalingan siya nito bago pa makabuka ang kanyang bibig.

“Pasensya na, hindi na kita maihahatid. ’Yung isang kabayo sa ’min manganganak na. Kailangan ako d’on. Ipahahatid na lang kita pagdating natin sa bahay.”

Umiling si Loren at pinindot ang numero ng kaibigan sa phone.

“Hindi na. Okay lang. Magpapasundo na lang ako dito sa kaibigan ko.”

Umiling ang lalaki bago pa niya matapos ang pangungusap. “Delikado kung dito ka maghihintay. Magpasundo ka na lang sa bahay namin. Sabihin mo ’yung pangalan ko. Alam na niya kung s’an kami nakatira.”

Malalaking hakbang nitong tinungo ang isang lumang pick-up truck at binuksan ang passenger side para sa kanya. The set of his jaw told her he was not

taking no for an answer. Tahimik siyang sumunod dito. Again, he was right. There was no use fighting him. Ayaw man niyang abalahin pa ito, wala siyang ibang magagawa. Madilim na sa paligid at walang streetlights sa tabing kalsada. Misplaced pride was not her thing.

Natagpuan niya ang sariling pinagmamasdan ang kabuuan ng loob ng truck. Kung may vehicle version ang lalaki, ang pick-up truck nito iyon. Clean, simple, battered here and there—the truck exuded the same rough and sturdy appearance as Caleb.

Pumasok ang lalaki sa loob at tumuwid ang likod niya. Hindi iyon napansin nito at inikot lamang ang susi sa ignition para buhayin ang makina. The engine roared to life and she could feel the power vibrating across the interior of his car. It shot through her legs, to her knees, up between her thighs.

Kumuyom-palad siya at humigpit ang mga daliri sa cell phone.

“Tawagan mo na ’yung kaibigan mo, baka nag-aalala na ’yon,” ani Caleb. Nakatitig ito sa madilim na kalsada, magaang nakapulupot ang mga daliri sa manibela.

Pero hindi siya nito maloloko. She could see the

tension in his muscles, in his jaw, in his dark eyes. She could see it in the way his long fingers flexed and the veins bulged in his hands.

Binasa ni Loren ang mga labi at iniwas ang tingin dito. Ibinaba rin niyang mabuti ang bintana para makapasok ang hangin. Mahihilo na siya sa testosterone na inilalabas ng katabi. Pinindot niya ang phone para tawagan si Dina. Hindi pa natatapos ang unang ring ay sumagot na ito.

“Where the hell are you?” sigaw ng babae.

Mabilis niyang inilayo sa tainga ang phone. Nakita niya mula sa sulok ng kanyang mga mata ang pagtaas ng sulok ng mga labi ni Caleb. Nagsalubong ang mga kilay niya at muling ibinalik ang phone sa tainga.

“I swear, Loren, you’re going to give me a heart—”

“I’m okay, Dina,” putol niya rito. Kung papayagan niya itong magtirada ay aabutin sila hanggang sa susunod na leap year. “Sorry for making you worry. I’m with Caleb Serquiña, do you know him? Can you pick me up at his place?”

“What?” singhal ng kaibigan at nakikita na niyang sinasabunutan nito ang kulot nitong buhok sa inis. “You’re with whom? My gawd, Loren, saan

ka ba nagpunta? Alam kong sinabi kong mag-loosen up ka pero OA ka naman! Ba't naman may kasama ka nang lalaki—”

“Dina,” aniya, gamit ang tono kapag nagbibigay siya ng instruction sa isang empleyado. “Just pick me up at his place. Can you do that? I’ll tell you everything when we get home.”

Umungol ito at alam niyang nagtagumpay na siya. She was good at that. Namana niya iyon sa mga magulang niya at sa kuya niya.

“Fine. Fine. But you have to tell me what happened!”

“Thank you. Drive safely.”

Tinapos niya ang tawag at ibinulsa ang phone.

Sa loob ng ilang sandali ay nilukob sila ng katahimikan sa sasakyan. Tanging ang ugong ng makina at ang pag-ihip ng hangin ang tanging maririnig sa pagitan nila ng lalaki. Sigurado siyang kung ilalabas niya ang dila ay malalalahan niya ang tensyon sa hangin.

“Nagbabakasyon ka dito?” bulalas ni Caleb, tila hindi na nakatiis sa makapal na tensyon.

Kinagat niya ang loob ng pang-ibabang labi para

pigilin ang pagngiti. Tinitigan niya ang lalaki sa ilalim ng kanyang pilikmata. Kahit sa madilim na loob ng sasakyan, aninag ang matigas na anggulo ng mukha nito.

“Something like that.”

Nagsalubong ang makakapal nitong kilay. “What do you mean?”

Hindi siya agad sumagot at tumitig sa harapan. Technically, narito siya para siguraduhing hindi gagawa ng kung anong milagro ang kaibigan niya. Ang lahat ng bagay na puwedeng maging mali, nagiging mali kapag sangkot si Dina. But she suspected Dina went here on purpose. Dahil alam nitong sasamahan niya ito. Duda niya ay gusto nitong ilayo siya sa siyudad. Alam nitong hindi niya ito hahayaang mag-isang magbakasyon kaya nagpasya itong bumisita sa probinsya.

But she was not sharing that information to a stranger. So she gave Caleb the half truth instead. “Gustong i-prepare ni Dina, iyong kaibigan ko na susundo sa ’kin, ’yung ancestral house nila para sa wedding anniversary ng mga magulang niya. I’m here to assist her.”

Tumango ito at bahagyang tumabing ang ilang

hibla ng basa at itim na itim nitong buhok sa noo nito. “Taga-Maynila ka?”

Nakita niya ang sariling sinusuklay ng mga daliri ang buhok nito, ibinabaon ang mga kuko sa anit nito habang hinihila ito pababa sa kanyang mukha upang maghinang ang kanilang mga labi at...

Napatiim-bagang si Loren pero hindi niya mapigil ang pagtakbo ng isip. Nakita niyang naglalapat ang kanilang mga labi sa kanyang isipan. Nakita niyang nagniig ang kanilang mga dila. His lips would be soft but firm, and his tongue would taste like fresh water, like tequila and oranges and...

Umiling ang dalaga sa sarili. Masyado ba niyang dinibdib ang mga sinabi ni Mark kaya ngayon ay parang gusto niyang sunggaban ang unang guwapong lalaking nakita niya?

*But he’s not the first handsome guy you’ve seen, you know,* tuya ng isang boses sa kanyang isip.

“Shut up,” bulong niya sa sarili.

“May sinasabi ka?”

Muntikan na siyang mapatalon sa mababang boses nito.

Muli, umiling siya at nakasimangot na binalingan

ito. “Wala. Um, yes, I’m from Manila. Malayo pa ba tayo?” Huli na bago niya namalayang matalas ang tono niya.

Tila yelong gumapang sa isang madilim na tubig ang lamig sa mga mata nito. This time, ang dila niya ang kinagat niya. Now she did it.

“Andito na tayo,” pakli nito at pinilit niyang punitin ang tingin mula sa madilim nitong mukha.

Tanaw ang isang mababang bahay mula sa dulo ng malubak na kalsada. May mga bahay rin silang nadaanan sa mga gilid-gilid. Huminto ito sa tapat ng malaking bahay at pinatay ang makina. Tila tinatambol ang kanyang dibdib sa bilis ng tibok ng kanyang puso at mabilis niyang hinagilap ang braso ng lalaki bago pa ito makalabas ng sasakyan.

“I’m sorry,” bulalas niya, ipinulupot nang husto ang mga daliri sa maskulado nitong braso. Mainit iyon, tila nagniningas na kahoy sa ilalim ng kanyang mga daliri. “I didn’t mean it to sound the way it did. And thank you for helping me.”

Nakatitig si Caleb sa mga daliri niyang nakapulupot sa braso nito. The contrast was glaring. Makinis at maputi ang kamay niya, payat at hugis kandila ang mga daliri, samantalang magaspang, matigas at



*All Of Me - Dior Madrigal*

---

makapal ang braso nito. She had never seen a more stark display of masculinity versus femininity. And she felt a spark of heat curling in her womb at the sight.

Pasimple niyang binawi ang kamay. Ang huling kailangan niya ay magmukhang bitch lalo kung bigla siyang magpa-panic sa nararamdaman niya. Itinaas nito ang tingin sa kanya at parang may dumaloy na apoy sa kanyang mga ugat.

Lust... pure animalistic lust...

Nagtagis ang bagang nito at iniwas ang tingin sa kanya. “Okay lang. Halika na.”

Bumaba ito bago pa makapagsalita si Loren.

## 2

He didn't talk to her directly after that.

May sumalubong sa kanilang matandang lalaki at tulirong ibinalita sa kasama niya ang tungkol kay Candy, ang kabayong manganganak. Payak na tumango lang dito si Caleb pagkatapos ay ibinilin siya sa matanda.

Walang lingon siya nitong iniwan at malalaking hakbang na tinungo ang gilid ng bahay. Binalingan siya ng matanda, may gulat sa mga mata. Kung dahil iyon sa malamig na ipinakita ni Caleb o dahil sa may kasama itong babae ay hindi niya alam.

Nagpakilala si Loren sa matanda at pinatuloy siya nito sa loob ng bahay. Tinawag nito ang isang babaeng ilang taon lang marahil ang bata sa kanya. Ising ang pangalan nito at dinalhan siya nito ng orange juice. Iniwan siya ng matanda matapos iyon.

Luma na ang bahay at halatang wala itong nakadaupang palad na interior designer. Maliliit ang mga bintana at kailangan na ng bagong pintura ang mga pader. Masyado ring maraming anik-anik. Nangati ang mga daliri niyang ayusin ang ilang mga

vases para maging symmetrical ang mga iyon sa isang dingding. Hindi niya mapigilang maglakad-lakad sa kahabaan ng maliit na living room habang iniisa-isa ang mga kailangang baguhin doon.

Pinag-iisipan niya kung ilang terracotta pots ang ilalagay sa isang sulok nang marinig niya ang matinis na pagsadsad ng mga gulong sa labas ng bahay.

Napatingin silang pareho ni Ising sa bintana. She tapped her fingers on her hip as she walked toward the door.

Pagbukas niya ng pinto, saktong kalalabas lang ng *Range Rover* nito si Dina.

Itinaas ni Loren ang isang daliri bago pa ito makapagsalita.

“Later,” aniya. Binalingan niya si Ising. “Nas’an si Caleb? Magpapaalam ako.”

Sumimangot ang babae at tinitigan siya mula ulo hanggang paa. Nanatiling malumanay ang kanyang ekspresyon hanggang sa matapos ito.

“Nasa kuwadra. Pero okay na ho kahit ’wag na kayong magpaalam. Busy ho ’yon.”

“Nasaan ’yung kuwadra?” aniya na tila hindi narinig ang huling sinabi nito.

Umismid si Ising. “Sa likod-bahay ho.”

“P’wede mo ba ’kong samahan?”

Parang gusto nang magpapadyak sa inis ang babae pero nanatiling makinis ang kanyang ekspresyon. Sa huli ay nagpatiuna itong maglakad sa direksyon na tinungo ng lalaki kanina.

Mabuti. Kung hindi siya nito sasamahan, maghahanap talaga siya ng iba na sasama sa kanya. Hindi naging milyonaryo sa edad na beinte uno si Loren kung madali siyang tumatanggap ng pagtangga. Sinulyapan niya si Dina at iminuwestra ang kamay na sumunod ito sa kanila.

“Huwag na ho kayong pumasok at baka makagulo lang kayo,” anang babae nang makarating sila sa isang mahabang kuwadra.

Tumango siya at malamig na ngumiti kay Ising. “Salamat.” Iyon lang at pumasok siya sa nakaawang na pinto.

Sabay-sabay na inatake ng iba’t ibang amoy si Loren—hay, leather, oil, and the faint scent of manure. It smelled strange, not necessarily bad; just... different. Ilang beses siyang kumurap para masanay sa liwanag ng kuwadra. Mula sa kinang ng fluorescent, kita niyang malinis ang mga stalls.

*All Of Me - Dior Madrigal*

---

May umungol sa bandang dulo ng kuwadra at napadako roon ang kanyang tingin. Nakatayo roon ang matandang sumalubong sa kanila ni Caleb. May itim na kabayong nakahiga sa sahig ng mga dayami. Nasa ulunan ng hayop si Caleb, marahang hinahaplos ng kamay nito ang makintab na balahibo ng kabayo. Natagpuan ng dalaga ang sariling tinititigan ang marahang paggalaw ng malaki nitong kamay sa ulo ng umuungol na kabayo. Napakarahan ng paggalaw ng malaking kamay na iyon, napakasuyo. It was a study in contrast, the tenderness of his movement versus the roughness of his hands.

Nagtaas ng tingin ang lalaki at pareho silang natigilan. Sa loob ng ilang saglit, tila natunaw sa kawalan ang lahat sa kanilang paligid. Warm liquid, endless darkness...

*Yes, aniya sa sarili. As strange as it was, those dark eyes gave her a feeling of safety.*

“Loren?” Hinawakan siya sa braso ni Dina at doon siya napakurap.

Kumurap din si Caleb at tuluyang nabuo muli ang mundo sa kanilang paligid. Bumalik ang mga kulay at ang mga tunog at amoy na sandaling naglaho sa pagtatama ng kanilang mga mata. Gumapang ang alinlangan sa mga mata ng lalaki, tila hindi sigurado

kung dapat ba siyang lapitan o hintayin na siya ang lumapit dito. Siya ang nagdesisyon para rito.

“Salamat,” usal niya kay Caleb. Tumango siya at lumabas na ng kuwadra.

---

“What the hell was that about?”

Hindi niya agad sinagot si Dina at inabala ang sarili sa pagpulot ng mga chocolate wrappers sa sahig ng *Range Rover* nito.

“Drive,” ani Loren habang isinusuksok ang mga balat ng tsokolate sa plastic cereal container na ginawa niyang trash bin para sa sasakyan ng kaibigan.

Umismid ito pero sinunod siya.

“I got lost and found him by the river,” anang dalaga nang hindi na niya makita sa side mirror ang bahay ng mga Serquiña.

“Right,” sambit ni Dina. “At saan ka nga naligaw?”

“Sa gubat. I was looking for the river you told me about yesterday. I found it, but I couldn’t find my way back to my car.”

“Of course. At bakit hindi mo na lang ako hinintay makauwi galing kina Rea?”

Nagkibit-balikat siya at binalingan ang glove compartment. As usual, puno iyon ng mga papel at marami pang wrappers ng chocolate.

“Dina, may dahilan kung bakit ko nilagay ’tong trash bin dito,” aniya habang ihinihiwalay ang mga papel na puwedeng itapon sa mga malilinis.

“Mark’s words really got to you, didn’t they?” anito, hindi pinansin ang comment niya tungkol sa trash bin nito. “Your ex is an ass, Loren. He’s an insecure and selfish prick. Naiinggit siya sa mga achievements mo at hindi niya matanggap na mas malaki ang pera mo sa bangko. Hindi kaya ng ego niya dahil mahina siya. Gusto lang niyang palabasin na pangit ang mga strengths mo bilang isang babae, na unattractive ang pagiging driven mo. That’s bullshit. Hindi mo kailangang patunayan na adventurous ka o na kaya mong maging *loose* o na hindi ka boring.”

Matabang siyang ngumiti. “I want to say you’re wrong, but we both know that would be a lie.”

“Exactly.” Mayabang na ngumiti si Dina at sinulyapan ang ginagawa niya. “Ngayon, tigilan mo na ang pag-aayos ng mga ballpens ko by color.”

“Yes, at tigilan mo na rin ang pagiging burara.” Matabang niya itong binalingan. “Ang sarap ng

feeling ng nanenermon, ano?”

Lalong lumapad ang ngiti nito. “Yup. Kaya pala hobby mo ’yon.”

Umiling si Loren at tahimik na tumitig sa harapan. Dina was right. Mark’s words really got to her. But she supposed that was expected. Five years was not a short time. Although in the last few years their relationship had turned into a convenience more than anything else, the breakup still sucked. At hindi man siya head over heels in love kay Mark, she did care for the asswipe. At kahit papaano, akala niya ay ganoon din ito sa kanya. Pero sa mga sinabi nito, mukhang hindi ganoon ang kaso.

*You’re f\*cking irritating! Any guy would cheat when they have a girlfriend like you!*

“Mabuti na lang nakita mo si Caleb.”

Napatitig siya sa kaibigan. Sumasayaw sa hangin ang ilang hibla ng kulot nitong buhok na kumawala sa tali nito.

“Yes,” aniya at agad napuno ang isipan ng mga imahe ng lalaki.

Ang malalaking kamay nito, ang marahan nitong paghimas sa ulo ng kabayo. Ang matipuno nitong



dibdib na hinahagkan ng tubig at sinag ng araw, ang matigas nitong tiyan, ang... Sumimangot siya sa sarili at tinapakan ang preno sa isipan.

“Do you know him?” tanong niya sa kaibigan.

“Hindi masyado. Ang naalala ko lang, school mate ko n’ung high school ’yung ex niya.”

Tumuwid ang upo ni Loren sa salitang ex. Bumuka ang bibig niya pero tumikom din. Kusang magkukuwento si Dina kahit hindi niya gatungan. Thirteen years na silang magkaibigan nito at noon pa man ay hobby na nito ang magtsismis.

“I think second year ’ata ako noon at third year ’yung girl,” patuloy nga nito. “College na si Caleb n’on. The girl was super popular back then. Maganda, beauty queen, magaling kumanta, magaling umarte, artistahin.”

*Perfect*, uyam ng isang tinig sa kanyang isipan. Tumitig siyang muli sa harapan.

“And Caleb was super hawt. Naalala ko n’on n’ung prom namin, siya ’yung escort n’ung gf niya siyempre. Para siyang dream come true ng bawat babae sa school.” Bumuntong-hininga ang kaibigan na tila ba nakaamoy ng bagong *Hermes* bag. “Hindi ko siya nakita masyado kanina, is he still hawt?”

*All Of Me - Dior Madrigal*

---

Hinayaan ni Loren na tumaas ang sulok ng kanyang mga labi. “Supernova hot.”

Malakas na tumawa si Dina. “Even hotter than Luis? I swear, that guy has the hots for you! I bet nagpainom ’yon nang malamang break na kayo ng walang kuwentang si Mark.”

Nagkibit-balikat siya at kumuha ng tissue sa bag para punasan ang gilid ng maalikabok na dashboard ni Dina.

“Stop that!” sita nito.

“I swear, Dina, hindi ko alam ang ginagawa mo. Nagbubuga ka ba ng lupa sa kotse mo? Ba’t ang alikabok na naman nito? Kakapunas ko lang dito kahapon!”

“I like to keep the windows down! And you’re changing the subject. Going back, si Luis, siya ’yung organizer ng concert sa Rabon sa weekend. Pupunta tayo.”

“Yes, of course. I bet nand’on sa concert si Cedric. Ba’t di mo na lang harapang sunggaban ang inaanak ng papa mo nang matigil na ang stalker tendencies mo?”

Malakas itong tumawa. “Oh, Loren, you know

me so well!”

Napailing na lang siya sa kaibigan.

Pasado alas ocho na silang nakauwi sa bahay ni Dina. Dinaanan pa nila sa bukana ng gubat ang kanyang SUV. Nang masilayan niya ang matataas na damo sa harapan ng bahay ng mga Suarez, hindi niya mapigilang umiling. Bibili na talaga siya ng malaking grass shears bukas.

# 3

“You don’t need that, Dina, may tatlong pakete ka pa niyan sa bahay.”

Kinuha ni Loren ang dalawang balot ng *Oreo* cookies sa kaibigan at ibinalik iyon sa shelf. Umungol ito pero hinayaan siyang itulak palayo ang cart mula sa shelf ng mga biscuits.

“But what if I run out of *Oreo* cookies?” protesta nito.

“You’ll live. You need to stick to your budget.” Kumuha siya ng dalawang karton ng fresh milk at sinipat ang presyo niyon. Ipinasok niya ang halaga sa hawak na calculator at tiningnan kung magkano na ang mga pinamili nila.

Napapalatak ang dalaga sa sarili. Fifteen items pa lang nakukuha nila pero kulang-kulang dalawang libo na.

“Nagtaas na naman ng fifty cents ’tong gatas.” Nakasimangot niyang inilagay ang dalawang karton sa cart.

“Oh, gawd, Loren. Don’t start muttering about

price inflation again. And yes, yes.” Nagtaas ng dalawang kamay si Dina bago pa bumuka ang kanyang bibig. “Every cent counts. Hindi mabubuo ang piso kung walang centavo at hindi mabubuo ang one thousand kung walang piso. I know, I know.”

Taas-noong ipinagpatuloy niya ang pagkuha ng mga items. “Dalian mo nang kumuha ng mga items, dadaan pa tayo sa *Handyman* para sa lock at door knob sa sirang pinto ng banyo mo.”

“Yes, I know.”

“Bumili na rin tayo ng pako para maayos ’yung front porch. May nakita akong dalawang hardware kanina, i-check natin kung s’an mas mura ang plywood.”

“Yes, Oh, Ancient One.”

Hindi mapigilan ni Loren ang malapad na pagngiti at mayabang na paghawi sa buhok. Kuripot na kung kuripot. Her parents taught her well and she was darn proud of it.

“Wala na ring asukal s’abi ni Jane,” tukoy ni Dina sa kasambahay.

Tumango siya, napansin niya rin iyon habang nag-i-inventory ng mga kailangang bilihin sa bahay.

“Kailangan din natin ng Nestlé cream para sa gagawin nating cheese cake.”

“Ayaw mong bumili na lang tayo? Mas okay ’yun—”

“No, mas mura kung gagawa tayo.”

“Come on, girly, para sa birthday mo naman ’yon.”

“Exactly, para sa birthday ko, kaya dapat—”

“Ah, Miss, okay na ’to. Salamat.”

Muntikan na siyang matapilok nang marinig ang isang pamilyar na baritonong boses. Bago pa mapigilan ni Loren, umigkas ang ulo niya sa direksiyong pinanggalingan niyon.

Darn. Jeans and white shirt were definitely made for this man. Kahit siguro isang mongha ay matutuksong pisilin ang pang-upo nito kapag nakita iyon sa suot nitong maong. And the thing was, his jeans weren’t even that tight. Tamang-tama lang iyon para ihulma ang pang-upo at maskuladong mga hita ng lalaki nang hindi nagmumukhang bastusin. And his white shirt? Luma na iyon at mukhang medyo manipis na rin. Tingin niya ay kaya niyang punutin iyon gamit ang kanyang mga ngipin.

Bigla, bumalandra sa kanyang isipan ang imahe ng sariling kinakagat ang kuwelyo ng T-shirt nito. Pagkatapos ay hinihila iyon pababa gamit ang isang kamay at mga ngipin. Then she would lick his hard pectorals and...

Napailing siya sa sarili.

“Wait, that’s Caleb, right?” Parang batang nakakita ng malaking candy store si Dina.

Bago pa niya ito mapigilan, itinulak na nito ang cart nila papunta sa lalaki.

“Sir, gusto n’yo rin pong subukan itong Thai fish sauce?” Halos mapunit ang mga pisngi ng babae sa pagngiti. “Masarap din po ito, baka magustuhan din po ng mama n’yo.”

“Ah, hindi na.” Magalang ang ngiti ni Caleb. “Okay na ’to. Ito na ’yung kukunin ko.”

“Pero, Sir, buy one take one po ito. Saka baka kailangan n’yo rin ng soy sauce at suka, may promo din kami d’on. Hindi pa nailalabas pero kukukunin ko ’yung stock para sa inyo—”

“Ang sabi niya hindi niya kailangan.” Ihininto ni Loren ang cart sa likod ni Caleb at ng staff.

Napapitlag ang lalaki at napaharap sa kanila. His

big dark eyes widened as he took her in, his sensual mouth slightly parting.

Pinigil niya ang pagngisi. “Hi, Caleb.”

Isinara nito ang bibig at tumuwid ng tayo, pagkatapos ay bumalik ang pamilyar na pag-aalinlangan sa mga mata nito tuwing makikita siya. “Hi, Loren.”

The way her name rolled off his tongue made her think of chocolate melting on her skin.

Parang bugso ng liwanag na sumingit sa pagitan nila si Dina. “Hi, Caleb! I’m Dina! School mate ko’yung ex mong si Nadia!”

Napamaang ang lalaki sa kaibigan niya at napailing siya. Nakikisimpatya siya rito. Masuwerte pa nga si Caleb. Nang unang makilala ni Loren si Dina noong college sila, ang unang bati nito ay, “Hi, I’m Dina! Virgin pa ’ko. Ikaw?”

Tinapik niya sa braso si Caleb bilang pakikiramay. Pinanatili niyang inosente iyon kahit na nakakatuksong himasin ang maskulado nitong bicep.

“Don’t mind her. Wala talaga siyang sense ng social decorum. Pagpasensyahan mo na.”

Bumungisngis si Dina at tumango. “Yeah, she’s



right!”

“Ah, Sir,” alinlangang singit ng promodizer sa kanila. “Yung soy sauce po at—”

Hinarap niya ang babae. “Hindi niya kailangan ng soy sauce. Nakuha na niya ’yung kailangan niya. Salamat.”

Napakagat-labi ito at napatingin sa kanya. Binigyan ito ni Loren ng tingin na nakikita niya sa mga magulang tuwing pinapagalitan sila ng kanyang Kuya Lorenzo. Umubra iyon at napaatras ito.

“Okay po. Sige po.”

Mabilis itong tumalikod at malalaking hakbang na lumayo sa kanila. Ibinalik niya ang titig kay Caleb.

Bahagyang nakaawang muli ang mga labi nito at nakatitig lang sa kanya. Pinigilan niya ang pagnanais na hawakan ang lalaki sa baba para isara ang bibig nito.

“Darn, Loren, Ma’am na Ma’am ka naman. Tinakot mo naman ’yung girl.” Lumapit si Dina sa shelf ng soy sauce at kumuha doon ng dalawang malalaking bote ng toyo.

“Isa lang ang kailangan natin, meron pa tayong kalahati sa bahay,” paalala niya rito.

Hindi niya nakita pero alam niyang inikot ng kaibigan ang mga mata. “Yeah, yeah.”

Binalingan niya si Caleb. “You’re buying groceries for your mom?”

Itinikom nito ang bibig at wala sa sariling napahawak sa batok. Bahagyang umumbok ang mga muscles ng lalaki sa braso dahil doon.

“Uh, parang gano’n na nga. Pinadaan niya lang sa ’kin ’tong patis na gusto niya. Nakalimutan kasi nila n’ung isang araw.”

Tumango si Loren at nilagpasan ito para kumuha ng suka. Tila nanigas ang lalaki nang dumaan siya at tila pinigil din nito ang paghinga. Kinagat ng dalaga ang labi nang manuot sa kanyang balat ang init ng katawan nito. Tila sinipsip ni Caleb ang init ng araw at dinala sa loob ng grocery store. His scent hit her hard, too—fragrant grass and clean warm male skin—a hundred percent male.

“You mean ’yan lang talaga ang sinadya mo dito sa bayan?” sabat ni Dina. Ipinakita nito sa kanya ang presyo ng soy sauce at inilagay niya iyon sa calculator.

“Hindi naman,” sagot ni Caleb, nakatitig sa graphing calculator niya. “Pumunta talaga ’ko dito para sa order ng bigas n’ung isang kliyente namin.

May dinaanan din ako sa hardware.”

“Oh? Ano?” Bumaling na rito ang kaibigan niya na para bang malapit na magkaibigan ang mga ito samantalang pupusta siya na ito ang unang beses na nagkausap ang dalawa.

“Mga pintura. Gusto kasing mag-renovate ni Mama.”

“Oh! That’s awesome!” Parang spotlight na ipinukol ng best friend niya sa kanya ang maningning nitong mga mata. “You heard that, Loren? His mom’s renovating! This is a great opportunity to show him your gratitude!”

Ibinalik na nito ang tingin kay Caleb bago pa niya ito mapandilatan.

“You see, Caleb, interior designer ’tong kaibigan ko. P’wede niyang tulungan ang mama mo sa pag-renovate ng bahay n’yo!”

Kung nagulat siya, lalo na siguro si Caleb. Matagal na niyang kakilala si Dina kaya kahit papaano ay sanay na siya. Si Caleb, sa kabilang banda, ay wala pang practice sa kaprangkahan ng kaibigan niya.

“Uh...hindi na. Okay lang—”

Dramatikong umiling si Dina. “No.”

Binalingan siya nito at muli, tinanong niya sa sarili kung bakit kaibigan niya ito. Pero naalala niyang hindi nga pala siya nilubayan ni Dina matapos ang unang araw nila sa college. Mukha raw kasi siyang nerd at baka ma-bully pa kaya hindi na siya pinakawalan nito.

“Come on, Loren. This is your chance to show your thanks. Kung wala siya sa gubat kahapon, ano na lang nangyari sa 'yo? Ni hindi ka nga marunong gumawa ng fire—”

“As if ikaw marunong,” sabat niya pero nagpatuloy lang ito.

“Show your gratitude, girl. Wala 'to kumpara sa tulong na ginawa niya.”

“No, it's okay.” Tila hindi na komportable ang lalaki. “Hindi big deal 'yung ginawa ko, wala 'yon—”

“Big deal 'yon,” giit ni Dina habang nakatitig pa rin sa kanya.

Naningkit ang mga mata niya rito. Kilala niya si Dina, gusto man niyang maniwala sa kabutihan ng puso nito, alam niyang may iba itong agenda. Dina was matchmaking, the pest.

Pero hidden agenda or not, may punto ito. Kahit

ano pa ang sabihin, na nagkataon lang na naroon si Caleb kahapon, malaki pa rin ang naitulong nito sa kanya.

“Dina’s right.” Itinaas ni Loren ang tingin kay Caleb at nahuli ang pagtiim-labi nito.

Nakita din niyang nagningas ang panic sa mga mata nito. Pero agad iyong nalunod sa dilim ng mga mata nito hanggang sa hindi na niya maaninag.

Matigas na umiling ang lalaki. “No. Hindi mo kailangang gawin ’yon. Okay lang talaga. Walang kaso ’yon sa—”

“Please.”

His mouth slammed shut and his jaw tightened.

Nagtitigan sila nang ilang segundo. Nagsusukatan. Ilang beses nitong sinubukang ibuka ang bibig, pero nanatiling solido ang kanyang titig. She could make people squirm with her stare, her father told her. Well, ano ba ang masasabi niya? She learned from the best. Her mother was an excellent teacher.

Bumuga ng hangin si Caleb. “Fine.”

“Awesome!” Pumalakpak si Dina.

Hindi rin niya napigilan ang pagkibot ng mga

labi. “Thank you. Tingin mo, kelan gusto ng mama mong makausap ako? Okay lang kaya sa kanya?”

Alam kasi ni Loren na may mga taong gustong personal na mag-ayos ng mga bahay nang hindi humihingi ng tulong sa mga propesyonal. Her mother was like that. Gusto nito ay ito ang namimili ng lahat hanggang sa pinakamaliit na basahan sa kitchen. Hindi raw nito kailangan ng interior designer. Ironically, iyon ang dahilan kung bakit naging interior designer siya. Sa sobrang pagre-research ng mama niya sa pagpapares ng mga kulay at texture ng mga gamit, nahawa siya. Tinatanong siya ng mama niya sa kanyang opinion ngayon pero maliban sa kanya, wala nang ibang interior designer na kinukuha ang COO ng *Fontallan Construction* na si Deliah Fontallan.

Maikling tumawa si Caleb at umiling. “Sobrang matutuwa ’yon,” anito.

Tumango si Loren, hindi mapigil ang sariling tumitig sa ngiti nito. Nagliliwanag ang buong mukha ng lalaki kapag tumatawa ito.

“Call me?” Kinuha niya sa bulsa ang phone.

“Sige. Kung okay lang sa ’yo, puwede ka ba sa makalawa?” Inilabas din ni Caleb ang phone nito. Kagaya ng truck nito, lumang modelo na iyon at

marami ring gasgas.

“Sige, puwede ako sa makalawa. Pupunta na lang ako sa inyo?”

“Ah, susunduin na lang kita. Mga alas siete ng umaga siguro?”

Tumawa si Dina sa tabi niya. “Grabe ka naman, seven o’clock, ang aga naman n’un.”

Tumawa rin si Caleb at napailing. Bigla, parang gusto niyang pandilatan si Dina. Bakit ang dali nitong napapatawa si Caleb?

“Sorry. Sige, mga—”

“It’s okay,” putol niya rito. Kinuha ni Loren ang isang maliit na bote ng suka at sinipat ang presyo noon. “Okay na ang seven o’clock.”

Umismid si Dina. “Yes, siyempre, kasi naman four o’clock pa lang gising ka na.”

Matamis siyang ngumiti sa kaibigan. “Welcome to the corporate world, dear.”

Tumawa si Caleb at muntikan na niyang mabitawan ang bote ng suka. Damn. Mabuti na lang humigpit agad ang hawak niya. Thirty-two pesos and seventy-five cents din iyon. Itinaas niya ang titig

kay Caleb at nakitang nakangiti ito sa kanya. Hindi maintindihan ni Loren ang ibig sabihin ng butterflies in the stomach noon. Pero ngayon ay alam na niya. Tila may isang dosenang colonies ng paru-paro ang lumilipad sa loob ng kanyang tiyan.

“Sige, sa makalawa.”

Ibinigay nito ang numero sa kanya at ibinigay rin niya ang mobile number niya. Nagpaalam ito at nauna nang tumungo sa cashier. Hindi niya mapigilang titigan ang pang-upo ng lalaki. What would it feel like to close her hands over those strong, solid muscles?

“Tissue, dear.” Nilagyan ni Dina ng facial tissue ang kanyang palad. “Baka tumulo ang laway mo.”

Umismid siya at taas-noong itinulak ang cart papunta sa kabilang aisle.

Siya, naglalaway? Absolutely not.

Pasimple niyang hinawakan ang pisngi para tingnan kung wala ngang likido roon.

Nang gabing iyon, natagpuan ni Loren ang sarili na inilalatag sa four poster bed ang mga dalang bestida, pinipili kung alin ang gagamitin niya sa makalawa.